



# Paano Bumoto

Tagalog

# Mga Nilalaman

---

Paano Bumoto/Tagalog

# Paano Bumoto

---

## Mga Kwalipikasyon

---

Maaari kang bumoto sa munisipal na halalan ng Toronto kung ikaw ay:

- isang mamamayan ng Canada; at Toronto, ngunit ikaw o ang
- hindi bababa sa 18 taong iyong asawa ay nagmamay- gulang; at ari o umuupa ng ari-arian sa
- isang naninirahan sa lungsod ng lungsod; at
- isang hindi naninirahan sa • hindi binabawalang bumoto sa ilalim ng anumang batas.

Maaari ka lamang bumoto nang isang beses sa munisipal na halalan ng Lungsod ng Toronto na hindi alintana kung gaano karaming ari-arian ang mayroon ka o inuupahan sa loob ng Lungsod. Dapat kang bumoto sa ward kung saan ka nakatira.

## Ang Pagboto


---

Ang opisyal ng halalan ay:

- babatiin at dadalhin ka sa kung saan mo kailangang pumunta
- hihilingin ang iyong pagkakakilanlan na ipinapakita ang iyong pangalan at kwalipikadong tirahan sa Toronto
- susuriin ang iyong pagkakakilanlan sa listahan ng mga botante, mamarkahan ng ekis pagkatapos ang iyong pangalan sa listahan
- ilalagay ang iyong balota sa isang lihim na folder at ipapakita sa iyo kung paano markahan ang iyong balota
- dadalhin ka sa screen ng pagboto

Ikaw ay:

- magmamarka ng iyong balota sa pamamagitan ng pag-itim sa bilog sa kanan ng kandidatong pinili mo.
- boboto nang isang beses para sa bawat tanggapan sa balota
  - Kung nagkamali ka, o nagbago ang iyong isip tungkol sa kung sino ang gusto mong iboto, dalhin ang balota sa opisyal ng halalan na kakanselahin ang iyong balota at mag-iisya sa iyo ng isa pa.
- ilagay ang iyong minarkahang balota sa lihim na folder at dalhin ito sa opisyal ng halalan na magpapasok sa iyong balota sa tabulator
  - Kung may problema sa iyong balota, ilalabas ito ng tabulator. Ang opisyal ng halalan ay magbibigay sa iyo ng opsyon sa pagkuha ng bagong balota o palilitawing tinanggap ng tabulator ang balota bilang namarkahan.



- Kung mayroon kang anumang katanungan kung paano maayos na mamarkahan ang balota, ikagagalak na ipaliwanag ito sa iyo ng sinuman sa mga opisyal ng halalan.
- matagumpay kang nakaboto sa oras na tinanggap ng tabulator ang iyong balota

## Mga Pahayag

---

### Blg. 1 - Pahayag ng Kwalipikasyon

---

Kung may nagtatanong sa iyong karapatang bumoto, dapat kang manumpa ng pahayag ng kwalipikasyon - upang matiyak na ikaw ay kwalipikado. (tingnan ang: Mga Kwalipikasyon)

Ako, (ipahayag ang iyong pangalan), ay nagpapahayag na isa akong kwalipikadong botante at hindi pa ako bumoto sa halalang ito.

### Blg. 2 - Pahayag ng Tagasalinwika

---

Kung kailangan mo ng tulong ng isang tagasalinwika (interpreter), maaari mong hilingin sa sinumang hindi kandidato o sa tagasiyasat na maging iyong tagasalinwika.

Dapat manumpa ng pahayag ang tagasalinwika bago magbigay ng tulong. Hindi ka nila maaaring samahan sa likod ng screen ng pagboto.

Ako, (ipahayag ang iyong pangalan), ay nagpapahayag na buong katapatan kong isasalin ang anumang pahayag, dokumento o tanong mula sa botante at sasagutin ito.

### Blg. 3 - Pahayag ng Kaibigan ng isang Botante

---

Kung hindi mo kayang markahan ang balota, maaari mong hilingin sa isang kaibigan na tulungan ka. Ang kaibigan ay dapat manumpa ng pahayag. Ang taong gumaganap bilang kaibigan ay maaaring kang samahan sa likod ng screen ng pagboto. Maaari lamang gumaganap nang isang beses bilang kaibigan ang isang tao, maliban sa mga nursing home, o para sa mga miyembro ng pamilya.

Ako, (ipahayag ang iyong pangalan), ay nagpapahayag na:

- mamarkahan ko ang balota gaya ng tagubilin ng botante
- hindi susubukang impluwensyahan ang botante sa kanyang pagpili
- pananatilihing lihim kung papaano bumoto ang botante

# Mga Halimbawa ng Pagkakakilanlan

---

**ang pagkakakilanlan na ipinapakita ang iyong pangalan at kwalipikadong tirahan sa Toronto. Hindi maaaring gamitin bilang pagkakakilanlan ang kard ng impormasyon ng botante.**

- Lisensya sa pagmamaneho sa Ontario
- Ontario Health Card (litratong kard na may address)
- Litratong Kard sa Ontario (Ontario Photo Card)
- Pahintulot sa sasakyang de-motor sa Ontario (bahagi ng sasakyan)
- kinanselang personalisadong tseke
- pahayag sa mortgage, kasunduan sa pagpapa-upa o pag-rentang kaugnay sa sa ari-arian sa Ontario
- patakaran sa seguro o pahayag ng seguro (insurance)
- kasunduan sa pautang o iba pang kasunduan sa pananalapi sa institusyon sa pananalapi
- dokumentong inilabas o sertipikado ng isang hukuman sa Ontario
- anumang iba pang dokumento mula sa gobyerno ng Canada, Ontario o munisipalidad sa Ontario o mula sa ahensya o naturang gobyerno
- anumang dokumento mula sa isang Pangkat ng Konseho sa Ontario na itinatag sa ilalim ng Indian Act (Canada)
- abiso sa pagtatasa ng kita sa buwis
- Pahayag sa Benepisyong ng Bata sa Buwis
- Pahayag ng Mga Bayad na Benepisyong sa Seguro sa Trabaho T4E
- Pahayag ng Seguridad sa Katandaan (Old Age) T4A (OAS)
- Pahayag ng Mga Benepisyong sa Pensiyon sa Canada T4A (P)
- Pahayag ng Mga Kontribusyon sa Pensiyon sa Canada
- Pahayag ng Direktang Deposito para sa Ontario Works
- Pahayag ng Direktang Deposito para sa Programa ng Suporta para sa May Kapansanan sa Ontario
- Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho at Pahayag ng mga Benepisyong sa Lupon ng Seguro T5007
- pagtatasa sa buwis ng ari-arian
- pahayag sa credit card, pahayag sa bank account, o RRSP, RRIF, RHOSP o Pahayag sa T5
- CNIB card o kard mula sa iba pang nakarehistrong organisasyon ng kawanggawa na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan
- kard o rekord ng ospital
- dokumentong nagpapakita ng paninirahan sa campus, na ibinigay ng tanggapan o mga opisyal na responsable sa paninirahan ng mag-aaral sa isang institusyong post-secondary
- dokumentong nagpapakita ng paninirahan sa isang pangmatagalang pangangalaga sa tahanan sa ilalim ng Long-Term Care Homes Act, 2007, na ibinigay ng Administrator para sa singil sa utility ng
- tahanan para sa hydro, tubig, gas, telepono o cable TV o singil mula sa komisyon ng mga pampublikong utility
- tseke ng stub, pahayag ng T4 o resibo ng bayad na ibinigay ng isang tagapag-employo
- transcript o report card mula sa paaralang post-secondary